

# **Umiiral at Binabalak na mga Hakbangin sa Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay para sa mga Etnikong Minoridad**

## **Mga Serbisyo sa Tulong Legal**

Sa Hong Kong, bawat isa ay may karapatan sa legal na tulong na walang kinalaman ang lahi o paninirahan kung natupad niya ang mga pamamaraan at mga pagsusulit sa kagalingan.

Ang Kagawaran ng Tulong Legal (LAD) ay nagsagawa / nagbalak ng sumusunod na mga hakbangin upang tulungan ang mga aplikante/ tinulungang mga tao na etnikong minoridad ang mga pinagmulan kapag naghahatid ng mga serbisyong tulong legal sa kanila:

### **A. Mga Polyeto sa Serbisyong Tulong Legal**

- Mga Umiiral na Hakbangin
- Ang LAD ay naglathala ng isang serye ng polyeto ukol sa tulong legal sa 10 mga wika ng etnikong minoridad kabilang ang Bengali, Hindi, Indonesian, Nepali, Tagalog, Punjabi, Tamil, Thai, Urdu at Vietnamese.
  - Ang mga polyetong ito kasama ang ibang mga polyeto ay makukuha sa mga opisina ng LAD o sila ay maaaring maidiskarga mula sa website ng LAD.
  - Sila rin ay makukuha sa naaayong mga opisina ng konsulado, ang Sentro ng Mapagkukunan para sa mga Walang Kinatawang Litigante ng Hudikatura, Tanggapan ng Iskema ng Legal na Payo para sa mga Litigane na Walang Kinatawan sa mga Pamamaraang sibil (Iskema ng Payo sa Pamamaraa), mga istasyon ng pulis, mga sentro ng serbisyo sa pampublikong mga pagtatanong ng Kagawaran ng mga Usaping Panloob, looban ng Kagawaran ng Paggawa, Kagawaran ng mga Serbisyong Koreksiyonal, Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan, at mga pampublikong ospital.
  - Bilang isang inisyatiba sa serbisyo ng mamimili upang mapabuti ang kalidad ng serbisyo sa tulong legal para sa mga potensiyal na aplikante na etnikong minoridad ang mga pinagmulan, isang paskil sa binanggit na 10 mga wika ay dinisenyo at ipinaskil upang gawing malay ang mga

potensiyal na aplikante na hindi nakapagsasalita ng Ingles o Tsino sa libreng serbisyo sa pasalitang pagsasalin upang tulungan sila sa proseso ng aplikasyon.

- Ang mga etnikong minoridad ay maaaring sumangguni sa paskil o idiskarga ang polyeto tungkol sa serbisyo sa website ng LAD para sa impormasyon.
- Puna sa bisa ng mga programa sa pamamalita upang itaguyod ang mga serbisyo sa tulong legal ay patuloy na irerepaso para sa pagpapabuti.
- Ibang puna at mga mungkahi mula sa mga etnikong minoridad ukol sa mga serbisyo ng LAD ay isasaalang-alang.

Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain

## **B. Serbisyo sa Pasalitang Pagsasalin para sa Aplikasyon sa Tulong Legal**

Mga Umiiral na Hakbangin

- Ang tulong legal ay makukuha ng bawat tao na papasa sa mga pamamaraan at mga pagsusulit sa kagalingan na walang kinalaman sa kanyang / kanya lahi o paninirahan.
- Ang LAD ay mag-aayos ng libreng serbisyo sa pasalitang pagsasalin para sa mga aplikante na hindi nakapagsasalita ng Ingles o Tsino upang tulungan sila sa proseso ng aplikasyon.
- Ang mga aplikanteng nabigong pumasa sa mga pamamaraan at mga pagsusulit sa kagalingan mayroon silang karapatan na umapela sa Tagatala ng Mataas na Hukuman. Ang LAD ay tutulong sa mga aplikante/ umaapela na maghabla ng abiso ng apela, mag-ayos ng petsa para sa apela at abisohan ang Hudikatura para sa libreng serbisyo ng isang pasalitang tagasalin sa pagdinig ng apela para sa mga aplikante/ umaapela na hindi nakapagsasalita ng Ingles o Tsino.
- Ang paskil ng binanggit na 10 mga wika ay dinisenyo at ipapaskil upang alertohin ang mga aplikante na hindi nakapagsasalita ng Ingles o Tsino ng maukuhang libreng serbisyo sa pagsasalin upang tulungan sila sa proseso ng aplikasyon.

Pagtatasa ng Hinaharap na

- Puna mula sa mga aplikante ng tulong legal ay lilikomin at isasaalang-alang para sa patuloy na pagpapabuti ng mga

Gawain serbisyo.

### **C. Serbisyo sa PasalitangPagsasalin para sa mga Paglilitis na may Tulong Legal**

- |                                  |  |
|----------------------------------|--|
| Mga Umiiral na Hakbangin         | <ul style="list-style-type: none"><li>• Kapag ang tulong legal ay ipinagkaloob sa mga tao na etnikong minoridad ang mga pinagmulan upang isagawa o ipagtanggol ang mga paglilitis sa hukuman, magbabayad nang maaga ang LAD habang ginagastos ng litigasyon ang mga gastos sa interpretasyon at pagsasalin nang makatwirang nagawa ng mga itinalagang abogado para sa wastong pagsasagawa ng kaso.</li></ul> |
| Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain | <ul style="list-style-type: none"><li>• Puna mula sa mga tinulungang tao na etnikong minoridad ang mga pinagmulan ay lilikomin at isasaalang-alang para sa patuloy na pagpapabuti ng mga serbisyo.</li></ul>   |

### **D. Pagsasanay para sa Kawani ng LAD**

- |                                  |   |
|----------------------------------|---|
| Mga Umiiral na Hakbangin         | <ul style="list-style-type: none"><li>• Upang mapabuti ang pang-unawa at kamalayan ng kawani ng LAD ukol sa Ordinansa ng Panlahing Diskriminasyon (RDO), mga pag-uusap tungkol sa mga prinsipyo ng RDO at pagbabahagi ng mga kaso ay isinaayos at isinagawa ng Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad. Ang mgapag-uusap ay dinaluhan ng kawani ng LAD kabilang ang mga propesyonal na opisyal, mga klero ng batas at kawaning klerikal sa unahan.</li><li>• Mga materyal sa pagsasanay ay ikinarga sa Portal ng LAD para sa sanggunian ng kawani.</li><li>• Ang LAD ay mag-aayos ng mga kurso sa pagsasanay sa RDO para sa bagong mga kaanib.</li></ul> |
| Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain | <ul style="list-style-type: none"><li>• Ang LAD ay lilikom at mag-aanalisa ng mga puna at mga mungkahi na tinanggap sa mga aplikante / tinulungang mga tao para sa pag-aayos ng mga angkop na kurso sa pagsasanay para sa kawani.</li><li>• Ang LAD ay lilikom din ng puna at mag-aanyaya ng mga mungkahi mula sa kawani sa mga programa ng pagsasanay na iaalok para sa pagpapabuti ng kanilang pang-unawa sa Ordinansa ng Panlahing Diskriminasyon.</li></ul>   |

## **E. Pampublikong mga Tanong / Mga Reklamo**

Ang LAD ay naglagay ng isang matibay na sistema sa paghawak ng mga tanong at mga reklamo tungkol sa kanyang serbisyo. Sinumang tao kabilang ang mga aplikante ng tulong legal na nais na magtanong / magreklamo ay maaaring makipag-ugnayan sa opisyal ng serbisyo sa mamimili ng Kagawaran na ang pangalan at numero sa telepono ay nakapaskil sa looban ng tanggapan ng Kagawaran at sa website ng Kagawaran. Karagdagan pa, ang mga nagtatanong / nagrereklamo ay maaaring makipag-ugnayan sa Kagawaran o sa Opisyal ng mga Reklamo ng Kagawaran sa pamamagitan ng telepono / liham / fax / email.

Ang Kagawaran din ay naglathala ng isang polyeto ng “Mga Pamantayan ng Serbisyo sa Mamimili” na kung saan ang mga gumagamit ay binigyang-alam sa mga sari-saring pamamaraan para sa pagtatanong / pagrereklamo may kaugnayan sa mga serbisyong ibinigay. Ang polyeto ay makukuha para sa pamamahagi sa publiko at ikinarga sa pahinang web ng Kagawaran.

**Kagawaran sa Tulong Legal  
Hulyo 2019**